

LEARNING STRAND 1 KASANAYANG PANGKOMUNIKASYON SA FILIPINO

MODYUL 6:

WASTONG PAGGAMIT NG WIKA TUNGO SA PAGKAKAINTINDIHAN NG MADLA

ALS Accreditation and Equivalency Program: Junior High School





**WASTONG PAGGAMIT NG WIKA
TUNGO SA PAGKAKAINTINDIHAN
NG MADLA**

**KASANAYANG PANGKOMUNIKASYON SA FILIPINO
MODYUL 6**

ALS Accreditation and Equivalency Program: Junior High School
Learning Strand 1: Kasanayang Pangkomunikasyon sa Filipino
Modyul 6: Wastong Paggamit ng Wika Tungo sa Pagkakaintindihan ng Madla

Inilimbag ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization
UNESCO Office, Jakarta taong 2020
Jalan Galuh II No. 5, Kebayoran Baru, Jakarta, Indonesia

and

Kagawaran ng Edukasyon
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

Karapatang sipi © UNESCO and DepEd 2020

Ang publikasyon na ito ay magagamit sa ilalim ng Attribution-Share Alike 3.0 IGO (CC-BY-SA) 3.0 IGO license (<http://creativecommons.org/licenses/by-sa/3.0/igo/>). Kaakibat ng paggamit ng nilalaman ng publikasyon ito, ang mga gumagamit ay tatanggapin ang mga tuntunin sa paggamit ng UNESCO Open Access Repository (<http://www.unesco.org/open-access/terms-use-ccbysa-en>).

Ang lahat ng materyal na iprinisinta sa kabuoan ng publikasyon na ito ay hindi nagpapahiwatig at nagpapahayag ng anumang opinyon ng kahit na sinomang parte ng UNESCO sa usapin ng legal na katayuan ng anumang bansa, teritoryo, lungsod o lugar, mga awtoridad nito, o kahit na ang mga hanggahan nito.

Ang pagpili ng mga materyal at opinyon na nakapaloob sa publikasyon ay responsibilidad ng mga manunulat at hindi ng UNESCO.

Ang modyul na ito ay ginawa at inilimbag para sa proyektong “Better Life for Out-of-School Girls to Fight Against Poverty and Injustice in the Philippines” na may suportang pampinansyal mula sa Korea International Cooperation Agency.

Inilimbag ng APC Printers Corporation
Inilimbag sa Makati City, Philippines

ISBN 888-888-8888-88-8

DEVELOPMENT TEAM



Jenelyn Marasigan Baylon	Master Teacher I, ALS Task Force (On-detail)
Kristine Lee S. Lumanog	Education Program Specialist II, ALS Task Force (On-detail)
Judy R. Mendoza	Project Development Officer III, Bureau of Learning Resources
Reyangie V. Sandoval	Education Program Specialist II, Bureau of Learning Resources
Josephine C. Intino	Senior Education Program Specialist, Bureau of Curriculum Development
Eric U. Labre	Senior Education Program Specialist, Bureau of Learning Resources
Roderick P. Corpuz	Supervising Education Program Specialist, ALS Task Force
Daisy Asuncion O. Santos	Chief Education Program Specialist, Bureau of Learning Resources
Marilette R. Almayda	Director III/Head, ALS Task Force
Ariz Delson Acay D. Cawilan	Officer-In-Charge, Office of the Director IV, Bureau of Learning Resources
G. H. S. Ambat	Assistant Secretary for Alternative Learning System Program and Task Force
Tonisito M. C. Umali	Undersecretary for Legislative Liaison Office, External Partnership Service and Project Management Service
Leonor Magtolis Briones	Secretary



Nanette Amongol	Author
Chinita Ann Francisco	Content Expert
Bernadette Sison	Admin and Finance Staff
Mildred Parbo	Project Lead
Ma. Teresita Medado	President

Content and Language Evaluators and Instructional Design Reviewer

Levi M. Coronel	Regional Office X – Northern Mindanao, Department of Education
Hilda N. Garcia	Schools Division Office of Angeles City, Department of Education
May L. Mojica	De La Salle University – Dasmariñas



United Nations
Educational, Scientific and
Cultural Organization

Ade Sandra	Admin and Finance Assistant
Rusyda Djamhur	Project Assistant
Marmon Abutas Pagunsan	National Project Consultant
Remegio Alquitran	National Project Officer
Maria Karisma Bea Agarao	National Programme Coordinator
Mee Young Choi	Head of Education Unit
Shahbaz Khan	Director and Representative

Gabay sa Gagamit

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Learning Strand 1 Filipino ng Alternative Learning System (ALS) Junior High School Modyul para sa araling Wastong Paggamit ng Wika Tungo sa Pagkakaintindihan ng Madla

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral sa iyong sariling pamamaraan at bilis ng pagkatuto. Hangad din nito na madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



Kilalanin

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



Subukin

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



Layunin

Ang seksyon na ito ay nagbibigay ng maikling talakayan ukol sa aralin. Nilalayan nitong matulungan kang matuklasan at maunawaan ang mga bagong konsepto at kasanayan.



Tuklasin

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain, o isang sitwasyon.



Suriin

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



Linangin

Binubuo ito ng mga gawain para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



Isagawa

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



Tandaan Mo

Dito matatagpuan ang mga buod ng mga aralin sa modyul na ito.



Pagtataya

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.

***Susi sa
Pagwawasto***

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Talahulugan

Ang bahaging ito ang nagbibigay ng impormasyon ukol sa kahulugan ng mga salitang ginamit sa modyul na ito.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin ang lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagdaloy. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakukuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

NILALAMAN

Kilalanin	1
Subukin	2
ARALIN 1: Pagbuo ng Buod	5
Layunin	5
Tuklasin	6
Suriin	9
Linangin	12
Isagawa	16
ARALIN 2: Pagsulat ng Reaksiyong Papel	19
Layunin	19
Tuklasin	20
Suriin	21
Linangin	24
Isagawa	26
ARALIN 3: Pagsulat ng Balita	28
Layunin	28
Tuklasin	29
Suriin	30
Linangin	41
Isagawa	43

NILALAMAN

Tandaan Mo	45
Pagtataya	46
Susi sa Pagwawasto	50
Talahulugan	54
Sanggunian	55




MODYUL 6

KILALANIN

Panuto: Basahin ang maikling introduksiyon upang magkaroon ng ideya sa mga tatalakaying aralin sa modyul na ito.

Nagsagawa ang grupo nina Eliza, Ally, Cristian, Dana, at Eunice ng palihan (seminar) para sa kapuwa nila mga kabataan. Ito ay kanilang pinamagatang “Maayos na Pagsulat ng mga Sulatin”. Tulungan natin sila na maituro at malaman kung paano magsulat ng mga sulatin kagaya ng balita, reaksiyong papel, at buod.



Sa modyul na ito ikaw ay inaasahang:

- Nakasusulat ng buod/lagom (LS1CS/FIL-PU-PPE-MT/JHS-14)
- Naipahahayag o nailalahad nang malinaw at maayos ang sariling ideya/damdamin o reaksiyon/opinyon/saloobin/kongklusyon tungkol sa napakinggang tugma/tula/tekstong pang-impormasyon, kuwento batay sa tunay na pangyayari/pabula/alamat, napapanahong isyu/akdang tinalakay (LS1CS/FIL-PS-PPB-BL/MB/MT/JHS- 28)
- Nakasusulat ng isang balita (LS1CS/FIL-PU-PPE-MT/JHS-14)

Ang modyul na ito ay binubuo ng tatlong aralin:

Aralin 1: Pagbuo ng Buod/Lagom

Aralin 2: Pagsulat ng Reaksiyong Papel

Aralin 3: Pagsulat ng Balita



MODYUL 6

SUBUKIN

- I. **Panuto:** Basahin ang balitang “Kasabay ng Quarantine: Earth Hour Ipinagdiwang” ni Gel Manalo at sumulat ng buod o pinaikling bersiyon nito. Isulat ang iyong buod sa sagutang papel.

KASABAY NG QUARANTINE: *EARTH HOUR* IPINAGDIWANG GEL MANALO



Hindi napigil ang mga nakiisa para sa taunang *Earth Hour* kahit pa umiiral ang community quarantine.

Sa social media, kaniya-kaniyang post ang mga *netizen* para ipakita ang kanilang pakikiisa para sa isang oras na pagpatay sa mga ilaw at mga appliance sa kanila-kanilang tahanan o opisina na bahagi ng global movement.

Simula alas-8:30 Sabado ng gabi, sinimulan ang *Earth Hour*, ang mga netizen na nakiisa dito, excited na pinakita kung paano nila ito sinunod.

Ayon kay Dr. Kang Dong Joo sa kaniyang twitter post “*let us all be eco warriors by joining the movement on having a 1-hour rest from all electrical stuff and enjoy nature or the darkness*” (2020)

Ani naman ni Den na may twitter username na @dencallmesiopao “*An hour may not be enough, but one hour less of electrical light consumption of one household could be a little step forward to help heal a badly hurt planet. #EarthHour2020*”

Dagdag ni Zyrel Celso “*For the cry of our Earth and the poor be heard and included, let’s make every hour as Earth hour! #EarthHour2020 Remember, we have our Earth as our COMMON HOME. All creation matters— including you! Inclusivity in conservation— for people and planet!*”

Sa mga pahayag na kagaya nito, makikita ang pakikiisa ng mga *netizens* sa pagdiriwang ng *Earth Hour*.

II. Panuto: Gamit ang nabasang balita, sumulat ng isang sanaysay na naglalaman ng iyong mga opinyon o reaksiyon tungkol sa paksa. Isulat ang iyong reaksiyon sa isang malinis na papel.

Maaaring gamitin ang sumusunod na gabay na mga tanong sa pagbuo nito:

1. Sang-ayon ka ba sa pagdiriwang ng *Earth hour*? Kung oo, bakit at kung hindi, magbigay ng paliwanag.
2. Ano ang iyong naging reaksiyon nang malaman mo na marami sa mga *netizens* ang nakiisa sa pagdiriwang ng *Earth Hour*?
3. Handa ka bang makiisa sa mga susunod pang *Earth hour*? Kung oo, bakit at kung hindi, magbigay ng paliwanag.

III. Panuto: Mag-observa sa iyong komunidad at gumawa ng isang balita tungkol sa kalagayan ng kalinisan at segregasyon ng basura sa inyong lugar. Isulat ang balita sa isang malinis na papel.



PAGBUO NG BUOD

Ang isang pananaliksik o ang anomang teksto ay marapat lamang na nakaayos upang mas maunawaan ito ng mambabasa. Makatutulong din ito upang maabot ang layunin na makapagbigay ng impormasyon at makapagpahayag ng ideya.

Pagkatapos ng aralin, kaya mo nang isagawa ang sumusunod:



Nakasusulat ng buod/lagom
(LS1CS/FIL-PU-PPE-MT/JHS-14).



ARALIN 1

TUKLASIN

Panuto: Bumuo ng pinaikling bersiyon ng balita na nasa ibaba nang hindi nawawala ang lahat ng mahahalagang detalye. Isulat sa papel ang iyong bersiyon.

DISKARTENG PINOY SA PAMIMILI NG MGA PANG-NOCHE BUENA GEL MANALO (DEC 1, 2018)



Isa sa pinaka-inaabangang okasyon ng mga Pilipino ang Kapaskuhan. Marami ang naglalaan ng badyet para sa pagsasalo-salo ng pamilya, pero ngayong taon may pagbabago ba sa tradisyon ni Juan sa paghahanda ng kanilang pang-noche buena?

Tinanong ng Abante ang ilang Pinoy kung paano sila naghahanda para sa espesyal na okasyong ito.


Anong pagkain ang hindi mawawala sa inyong noche-buena?

“Usually spaghetti for pasta then rice and dalawang ulam like pata tim and sweet and sour tilapia kasi favorite ng mama ko then macaroni salad for dessert,” sagot ng mommy nasi Lesli Aja.

ARALIN 1

Sa millennial na si Julia de Villa, hindi mawawala sa listahan ang “*Macaroni salad, spaghetti, graham at cake*”.

Para kay Anthony Banayat ng Rizal, “Madalas ‘yung madali lang ihanda saka masarap, kung бага pasok sa panlasa ng buong pamilya. *Fried chicken, spaghetti, pansit* at tatlong klase ng ulam masaya na kami dun.”



Nang tanungin naman ng Abante kung namili na sila ng mga pang-noche-buena, iba-iba ang kanilang naging sagot. “Hindi pa kasi hinihintay namin bigay ni mayor,” sagot ni Dwight Elpedes ng Makati City.

Halos ganito din ang sagot ni Reynalyn Eco, “Paunti-unti lang, kasi may mga pinamimigay na galing sa kompanya.”

Para naman kay Jacqueline Villanueva ng Taguig City, “Oo, mas maaga ‘yung preparation mas tipid kasi ‘pag gahol na sa oras or ‘pag mismong malapit na ang Pasko tumataas ang presyo lalo na sa palengke. ‘Yung buko para sa salad biglang taas sa Pasko mismo.”

Nagtaas na ba ang presyo ng karaniwan ninyong binibiling pang-noche buena?

“Ganoon pa rin kaso mas kaunti na ang laman,” sabi ni Banayat.

“Oo, kasi ‘yung spaghetti na binibili namin dalawang piso ang tinaas. ‘Yung tasty bread P62 lang last year, ngayon P63 na,” sagot ni Eco.

ARALIN 1

Anong ginagawa ninyo upang makatipid sa pamimili?


“First week of December bumibili na ako ng mga big item then second week ‘yung small item na lang,” sabi ni Aja.

“Mas maaga, nakakamura kailangan lang doble kilatis sa mga produkto. Siguruhing ligtas ang mga produkto para safe sa buong pamilya,” sagot ni Banayat.

“Para makatipid, nagko-compare ako ng price sa mga grocery store, kung saan mas mura dun ako bibili. Madalas tinitingnan ko din ang ‘yung mga budget pack, halimbawa spaghetti sauce na may kasama nang pasta. Binibili ko din ‘yung mga item na may kasama nang giveaway,” sabi ni Villanueva.

Marami sa natanong ng Abante ang mas nakakatipid kapag kaunti lang ang lulutuin na sapat para sa pamilya upang hindi mapanis o masayang. Mayroon naman na ang diskarte ay maghanda nang marami upang makain pa sa susunod na araw.

Pero para sa lahat, ano man ang kanilang handa ang pinaka-importanteng komponent ng okasyong ito ay ang pagsasama-sama ng pamilya at pagpapasalamat hindi lang sa mga regalong natanggap ngunit maging sa mga blessing na nakamit nila sa taon. (*Abante*)





ARALIN 1

SURIIN

Bago tayo dumako sa pormal na talakayan ng aralin, talakayin muna natin ang iyong naging gawain sa tuklasin. Ang iyong ginawa ay tinatawag na pagbubuod o isang paraan ng pagpapaikli ng isang sulatin ngunit hindi nawawala ang mahahalagang detalye na nakapaloob dito.



Ginagawa ang pagbubuod upang higit na maipa-intindi sa mambabasa ang isang napakahabang teksto. Gayundin, nakatutulong ito sa pagpapalinaw ng lohika at kronolohiya ng mga ideya lalo na sa mga hindi organisado o komplikadong paraan ng pagsulat sa teksto.

ANO ANG BUOD?

- Ito ang pagpapaikli sa mga pangunahing ideya ng isang teksto o kuwentong iyong binasa.
- Ito ang pinaikling bersiyon ng narinig o nabasang sulatin, aklat, interbyu, isyu, at usap-usapan sa paraang gusto ng manunulat.
- Maikli lang ito ngunit nagtataglay pa rin ng kompletong detalye mula sa orihinal na bersiyon.
- Kabilang sa mahalagang tunguhin ng buod ay maipaliwanag sa mambabasa ang nilalaman ng teksto sa maikling paraan pero madali pa ring nauunawaan.

KAILAN GUMAGAMIT O SUMUSULAT NG ISANG BUOD?

- Nais magbigay ng pananaw hinggil sa isang paksa
- Nais maglarawan ng pangkalahatang kaalaman mula sa maraming sanggunian tungkol sa paksa
- Nais malaman ang pangunahing ideya ng pinagbatayang teksto

ARALIN 1

PAANO BUMUO NG ISANG BUOD?

- Habang binabasa ang akda, salungguhitan ang mahahalagang detalye.
- Ilista ang pangunahing ideya at ang mga pantulong na ideya. Lapatan ng paliwanag ang pangunahing ideya.
- Ayusin ang pagkasunod-sunod ng mga ideya.
- Isulat ang buod.

Bilang isang halimbawa basahin ang buod ng tekstong may pamagat na “**Diskarteng Pinoy sa Pamimili ng Pang-Noche Buena**” ni Gel Manalo

DISKARTENG PINOY SA PAMIMILI NG PANG-NOCHE BUENA

GEL MANALO

(Buod)

Isa sa pinaka-inaabangang okasyon ng mga Pilipino ang Kapaskuhan. Marami ang naglalaan ng badyet para sa pagsasalo-salo ng pamilya. Ngunit ano nga ba ang inihahanda ng tipikal na Juan sa hapag tuwing sasapit ang nasabing okasyon?

Nagtanong ang Abante sa ilang Pinoy kung paano nila pinaghahandaan ang espesyal na okasyong ito.

Ayon kay Aja, “*usually spaghetti for pasta then rice and dalawang ulam like patatim and sweet and sour tilapia kasi favorite ng mama ko then macaroni salad for dessert,*”

Para naman kay Anthony Banayat ng Rizal, “Madalas ‘yung madali lang ihanda saka masarap, kung бага pasok sa panlasa ng buong pamilya. *Fried chicken, spaghetti,* pansit at tatlong klase ng ulam masaya na kami dun.”

ARALIN 1

Nagtanong din ang Abante kung ano ang kanilang mga ginagawa upang makatipid sa pamimili.

“Para makatipid, nagko-*compare* ako ng *price* sa mga *grocery store*, kung saan mas mura dun ako bibili. Madalas tinitingnan ko din ang ‘yung mga budget pack halimbawa *spaghetti sauce* na may kasama nang pasta. Binibili ko din ‘yung mga *item* na may kasama nang *giveaway*.” (Villanueva, 2018)

Ngunit lumabas na para sa lahat, ang pinaka-importanteng sangkap ng okasyong ito ay ang pagsasama-sama ng pamilya at pasasalamat sa mga biyayang natanggap sa buong taon.

Kung susuriin at ikukumpara, ang buod na iyong nabasa ay lubos na maiksi kaysa sa orihinal na teksto ngunit, kung ano man ang mga ideya na nasa mahabang teksto ay ganun pa rin ang matatagpuan sa pinaikling bersiyon nito o ang buod.



ARALIN 1

LINANGIN

- I. **Panuto:** Basahin at isulat ang buod ng balitang “FEU, Nasungkit Ang Kampyeonato Sa UAAP SEASON 80 Street Dance Competition” ni Mae Ann Cansino. Isulat ang iyong buod gamit ang maayos na balangkas at isulat ito sa iyong sagutang papel. Tingnan ang rubrik sa mga pahina 18 at 51 na gagamitin sa pagmamarka ng iyong gawain.

FEU, NASUNGKIT ANG KAMPYEONATO SA UAAP SEASON 80 STREET DANCE COMPETITION

MAE ANN CANSINO



Hinirang na bagong kampyeon ang Far Eastern University (FEU) Street Alliance matapos magpasikat sa UAAP Season 80 Street Dance Competition nitong Linggo sa Mall of Asia Arena.

Naagaw ng Street Alliance ang korona mula sa defending champion na De La Salle Dance Company-Street sa iskor na 85.75

Anim na puntos na mas mahusay kaysa sa 79.50 ng La Salle, para makuha ang ikalawang puwesto.

ARALIN 1

Hindi umano inaasaahan ni FEU coach Randell San Gregorio ang naturang pagkapanalo dahil tatlong buwan lamang ang ginugol nila upang makompleto ang kanilang line-up mula noong Enero.

Nalagay naman sa ikatlong puwesto ang UP Streetdance Club, matapos ang isang makulay na pagtatanghal na umiskor ng 78.60 puntos.

Hinirang din para sa ika-apat na puwesto ang University of Santo Tomas (UST) Prime na may 75.60 puntos, kasunod ng University of the East (UE) Street Warriors na may 72.20 puntos.

Ang Company of Ateneo Dancers na nalagay sa ika-anim na puwesto at may 69.0 puntos, habang ang National University (NU) Underdaws ay nagtapos sa ikapitong puwesto na may 67.50 puntos.

Sa huling puwesto ay ang Adamson University na may 57.50 puntos.

Lumahok din ang mga high school sa unang pagkakataon.

Ang UST Galvanize ang namuno sa juniors division, kasama ang FEU Baby Tamaraws Dance Company sa ikalawang puwesto at ang UE Street Warriors ay nagtapos sa ikatlong puwesto.

Ang Ateneo de Manila University lamang ang hindi nagpadala ng kinatawan sa juniors division sa naturang kompetisyon. (TapatNews)

II. Panuto: Basahin at Isulat ang buod ng balitang “Pasaway sa social distancing! ‘Corona party’ tinigil ng pulis” ni Gel Manalo. Isulat ang iyong buod sa isang malinis na papel. Tingnan ang rubrik sa mga pahina 18 at 51 na gagamitin sa pagmamarka ng iyong gawain.

“PASAWAY SA SOCIAL DISTANCING! ‘CORONA PARTY’ TINIGIL NG PULIS”

GEL MANALO



Sinugod ng mga pulis sa United States ang isang house party, na kinabibilangan ng 47 katao sa isang maliit na apartment, na sumuway sa pinatutupad na social distancing sa gitna ng coronavirus outbreak.

Isinagawa ang party sa isang apartment sa New Jersey noong Marso 27, ayon kay Governor Phil Murphy.

Kinasuhan na ang DJ at organizer ng party sa paglabag sa stay at home na inutos ng mga awtoridad.

ARALIN 1

Giit ni Murphy, hindi umano laro ang krisis na nangyayari at dapat na seryosohin ng lahat.

Sa kaniyang tweet, nagbabala pa si Murphy sa mga lalabag sa kautusan:

“NO CORONA PARTIES. They’re illegal, dangerous, and stupid. We will crash your party. You will pay a big fine. And we will name and shame you until EVERYONE gets this message into their heads,” bahagi ng kaniyang tweet.




ARALIN 1

ISAGAWA

Panuto: Sumulat ng buod/lagom gamit ang balitang may pamagat na “Costumes Sa Pelikulang ‘Black Panther’, Halaw Sa Kulturang Pilipino”. Isulat ang iyong sagot sa isang malinis na papel. Tingnan ang rubrik sa mga pahina 18 at 51 na gagamitin sa pagmamarka ng iyong gawain.

COSTUMES SA PELIKULANG ‘BLACK PANTHER’, HALAW SA KULTURANG PILIPINO NANETTE AMONGOL




Kinumpirma ng isang Ilustrador ng pelikula na ilan sa disenyo ng mga costume na ginamit sa pelikulang “Black Panther” ay halaw sa pinaghalong African at Filipino *artifacts*.

Ayon kay Anthony Francisco, isang Pilipinong ilustrador mula sa Marvel Studios, nakalakihan niya sa kanilang tahanan sa Pilipinas ang maraming tribal decorations na siyang naging inspirasyon niya sa pagdidisenyo ng costumes para sa mga Dora Milaje- isang grupo ng female special forces sa naturang pelikula.

ARALIN 1

Mababanaag sa kasuotan ng Dora Milaje ang kulturang Pilipino, kagaya na lamang ng tabard o mala-bahag na bahagi ng baluti (armor) ni Okoye– ang heneral ng Dora Milaje at pinuno ng Wakanda armed forces.

Ayon kay Francisco, hango sa table runner na nakasapin sa lamesa ng kaniyang tiyahin ang naturang disenyo. Nakasunod naman ang pattern nito sa mga friendship bracelet na gawa sa beads na kaniya namang kinalakihan.



Isa pa sa mga elementong nagpalabas ng kulturang Pilipino ay ang mga gintong argolya (rings) na matatagpuang nakasabit sa baluti ni Okoye na hango sa mga anting-anting na kalimita’y pinaniniwalaan ng mga Pilipino na nagbibigay ng suwerte at proteksiyon.

Ang nasabing kasuotan ay hinalaw rin sa African regalia at sa Japanese ninja shoes at samurai armor.

Isang petisyon naman sa Change.org ang humihiling sa Marvel Studios at Walt Disney Studios na ibigay ang 25 porsyento ng kabuoang kikitain ng pelikula sa mga black communities upang mapondohan ang iba’t ibang programa para sa mga ito.

Ang nasabing petisyon ay ipinasa ni Chaz Gormley na agad namang umani ng suporta sa social media at nagkaroon pa ng sariling hashtag na #BreakBreadMarvel.

Upang pormal na buksan ang selebrasyon ng theatrical release ng “Black Panther”, binigyan ng SM Cinema ng kaunting pasilip ang mga Marvel Fans sa kaharian ng Black Panther, Wakanda. Mabibisita na ng fans ang “The Secrets of Wakanda” sa ilang SM Malls.

ARALIN 1

Ang “The Secrets of Wakanda” ay nasa SM City Fairview sa Pebrero 22 at SM City San Lazaro naman sa Marso 8. Magkakaroon din ng mga Wakanda-inspired apparels.

Kumita na ng mahigit P258.57 milyon ang pelikula sa unang limang araw pa lamang. (**Tapat News /AreopagusCommunications**)

RUBRIK SA PAGBUO NG BUOD/LAGOM

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.


MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Nakapagbigay ng mga pangunahing ideya at panuportang detalye mula sa teksto.	Nakapagbigay ng ilang pangunahing ideya at panuportang detalye mula sa teksto.	Hindi nakapagbigay ng mga pangunahing ideya at panuportang detalye mula sa teksto.	
ORGANISASYON	Maayos ang paglalahad ng mga ideya. Kompleto at maayos na naihanay ang mahahalagang detalye mula sa teksto.	Hindi gaanong maayos ang paglalahad ng mga ideya. May kulang na mahahalagang detalye mula sa teksto at hindi gaanong naihanay nang maayos ang mga ito.	Hindi maayos ang paglalahad ng mga ideya. Maraming kulang na mahahalagang detalye mula sa teksto at hindi naihanay nang maayos ang mga ito.	
PAGLALAPAT NG ARALIN	Nagamit ang mga pamantayan sa pagsulat ng buod na binigyang-pansin sa aralin.	Hindi gaanong kinakitaan ng paggamit ng mga pamantayan sa pagsulat ng buod na binigyang-pansin sa aralin.	Hindi kinakitaan ng paggamit ng mga pamantayan sa pagsulat ng buod na binigyang-pansin sa aralin.	
KALINISAN	Ang awtput ay malinis, masinsin ang pagkakagawa, at hindi minadali.	Ang awtput ay malinis at hindi minadali ang pagkakagawa.	Ang awtput ay halatang minadali at hindi nagtataglay ng kalinisan.	
KABUOAN (20 PUNTOS)				



PAGSULAT NG REAKSIYONG PAPEL

Mahalaga sa isang tao na maipahayag niya nang may kalinawan ang kaniyang damdamin at pangyayari na kaniyang nasaksihan. Kaya naman nais kong pag-aralan natin ang mga wastong pahayag na ginagamit sa pagpapahayag ng pangyayari at damdamin.

Pagkatapos ng aralin, kaya mo nang isagawa ang sumusunod:



Naipahahayag o nailalahad nang malinaw at maayos ang sariling ideya/damdamin o reaksiyon/ opinyon/ saloobin/ kongklusyon tungkol sa napakinggang tugma/tula/ tekstong pang-impormasyon, kuwento batay sa tunay na pangyayari/ pabula/ alamat, napapanahong isyu/ akdang tinalakay (LS1CS/FIL-PS-PPB-BL/MB/MT/JHS- 28).



ARALIN 2

TUKLASIN

Panuto: Pakinggan at unawain ang *spoken word poetry* na may pamagat na “Bakit Single Pa ang Teacher Mo?” ni Ansherina May D. Jazul at Rommel A. Pamaos

Narito ang link: <https://tinyurl.com/y5xhuay9>



ARALIN 2

SURIIN

Bago tayo dumako sa pormal na talakayan, suriin muna natin ang iyong napanood o napakinggang *spoken word poetry*.

Ano ang iyong naramdaman habang pinakikinggan ang *spoken word poetry* na may pamagat na “Bakit Single Pa ang Teacher Mo?”

Naramdaman mo ba ang damdamin mula sa mambibigkas? Kung oo, paano?


Ilan lamang iyan sa mga katanungan na maaaring maging tulay upang lubos na maunawaan mo ang aralin. Dahil sa makabagong panahon, isang magandang lunsaran ng emosyon ang pagsulat ng *spoken word poetry* o tula na may malayang tugmaan at malayang taludturan.

Naging matunog hindi lamang sa mga social media kundi pati na rin sa telebisyon at pelikula, ang pagbigkas at pagsulat ng tinatawag na *spoken word poetry*. Isa sa nakilalang tao sa pagsulat nito ay si Juan Miguel Severo at sinundan na ito ng marami pang mga manunulat.

Ang *spoken poetry* ay isang porma ng sining na nagbibigay ng diin sa ganda ng paggamit ng mga salita. Ito rin ay isang paraan ng pagpapahayag ng damdamin sa pamamagitan ng pagsulat at pagbigkas.

Kaya naman kung ikaw ay makaririnig ng isang *spoken poetry*, hindi malayo na ikaw ay makapagpapahayag din ng iyong sariling damdamin dahil sa iyong napakinggan.

Ang teksto na naglalaman ng iyong sariling damdamin ay tinatawag na “Reaksiyong papel”.



ARALIN 2

PAANO NGA BA BUMUO NG ISANG REAKSIYONG PAPEL?

1. Unawain ang pinakikinggang materyal
Alamin ang paksa o pinag-uusapan sa napakikinggang materyal nang sa gayon ay maunawaan mo ang pangunahing ideya na pinag-uusapan o pinatutungkulan.
2. Umpisahan ito sa nakatutuwa at masining na pamamaraan, siguraduhing makukuha ang atensyon ng mambabasa.
3. Bago umpisahan ang paglalatag ng iyong mga opinyon at ideya, ipakilala muna ang paksang bibigyan mo ng tugon
4. Isulat ang iyong mga naramdaman, naisip, at napagtanto habang pinakikinggan ang materyal.
Makatutulong ito sa iyo upang lubos na maipahayag ang iyong saloobin hinggil sa iyong napakinggang materyal.
5. Gumamit ng mga salitang nagpapahayag ng damdamin. Kadalasang ginagamit dito ang mga **pang-uri** o **mga salitang naglalarawan** kagaya ng:

- galit na galit
- nakalulungkot
- napakasaya
- nakapanghihinayang
- nakagagalak
- nakakapagsisi
- nakaiinis

ARALIN 2

Ang mga salita naman kagaya ng

- hindi umano
- noong bata pa ako
- nasaksihan
- nakita ko
- apat na taon pa lang

ay mga salitang ginagamit sa pagsasalaysay ng mga pangyayari. Ang mga salitang ito ay mga palatandaan na ang nagsasalita ay nagsasalaysay ng mga pangyayari na maaaring batay sa karanasan, nasaksihan, o napanood.



ARALIN 2

LINANGIN

- I. **Panuto:** Pakinggan ang *spoken word poetry* na may pamagat na “*Online Class*” ni Ansherina May D. Jazul at bumuo ng isang reaksiyong papel tungkol dito. Ito ay nararapat na naglalaman ng mga salitang nagpapahayag ng damdamin at mga salitang nagpapahayag ng pangyayari. Isulat ang iyong reaksiyon sa isang malinis na papel. Ang rubrik ay matatagpuan sa mga pahina 27 at sa pahina 52 matatagpuan ang rubrik para sa reaksiyong papel na siyang magiging batayan ng iyong grado.

Narito ang link ng *spoken word poetry*:

<https://www.youtube.com/watch?v=bpcmKhV8vZc>

ARALIN 2

- II. **Panuto:** Pakinggan ang *spoken word poetry* na may pamagat na “Langit sa Piling Mo” ni Rommel A. Pamaos at bumuo ng isang reaksiyong papel tungkol dito. Ito ay nararapat na naglalaman ng mga salitang nagpapahayag ng damdamin at mga salitang nagpapahayag ng pangyayari. Isulat ang iyong reaksiyon sa isang malinis na papel. Ang rubrik ay matatagpuan sa mga pahina 27 at sa pahina 52 matatagpuan ang rubrik para sa reaksiyong papel na siyang magiging batayan ng iyong grado.

Narito ang link ng *spoken word poetry*:

<https://www.youtube.com/watch?v=H2NsyRTKzS0&t=92s>



ARALIN 2

ISAGAWA

Panuto: Pakinggan ang *spoken word poetry* na may pamagat na “Kape” ni Ansherina May D. Jazul at bumuo ng isang reaksiyong papel tungkol dito. Ito ay nararapat na naglalaman ng mga salitang nagpapahayag ng damdamin at mga salitang nagpapahayag ng pangyayari. Isulat ang iyong reaksiyon sa isang malinis na papel. Ang rubrik ay matatagpuan sa mga pahina 27 at sa pahina 52 matatagpuan ang rubrik para sa reaksiyong papel na siyang magiging batayan ng iyong grado.

Narito ang link ng *spoken word poetry*:

https://www.youtube.com/watch?v=egG6_-Wmzcg

ARALIN 2

RUBRIK SA PAGSULAT NG REAKSIYONG PAPEL

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Nakapagbigay ng malinaw at mahahalagang punto mula sa paksang pinagbatayan. Naipahayag at napalutang ang sariling damdamin. Nakapagbahagi ng mga kaugnay na pangyayari o karanasan kaugnay ng paksa.	Nakapagbigay ng ilang mahalagang punto mula sa paksang pinagbatayan. Naipahayag at napalutang nang bahagya ang sariling damdamin. Nakapagbahagi ng ilang mga kaugnay na pangyayari at karanasang kaugnay ng paksa.	Hindi nakapagbigay ng mahahalagang punto mula sa paksang pinagbatayan. Hindi nakapagpalutang ng sariling damdamin at nakapagbahagi ng mga kaugnay na pangyayari at karanasang ugnay sa paksa.	
ORGANISASYON	Maayos ang paglalahad ng mga ideya. Lohikal ang ugnayan ng mga talata, may maayos na daloy ng diwa sa mga pahayag, at may malinaw na kongklusyon.	Hindi gaanong maayos ang paglalahad ng mga ideya. Hindi gaanong naipakita ang lohikal na ugnayan ng mga talata, daloy ng diwa sa mga pahayag, at ang kongklusyon.	Hindi maayos ang paglalahad ng mga ideya. Hindi naipakita ang lohikal na ugnayan ng mga talata, ang daloy ng diwa sa mga pahayag, at ang kongklusyon.	
PAGLALAPAT NG ARALIN	Nagamit ang mga ideya na nasa aralin hinggil sa pagsulat ng reaksiyong papel.	Hindi gaanong kinakitaan ng paggamit ng mga ideya na nasa aralin hinggil sa pagsulat ng reaksiyong papel.	Hindi kinakitaan ng paggamit ng mga ideya na nasa aralin hinggil sa pagsulat ng reaksiyong papel.	
KALINISAN	Ang awtput ay malinis, masinsin ang pagkakagawa, at hindi minadali.	Ang awtput ay malinis at hindi minadali ang pagkakagawa.	Ang awtput ay halatang minadali at hindi nagtataglay ng kalinisan.	
KABUOAN (20 PUNTOS)				



ARALIN 3

PAGTATAKDA NG LANDAS

PAGSULAT NG BALITA

Pagkatapos ng aralin, kaya mo nang isagawa ang sumusunod:



Nakasulat ng isang balita
(LS1CS/FIL-PU-PPE-MT/JHS-14).



ARALIN 3

TUKLASIN

Panuto: Manood o makinig ng isang napapanahong balita at ilara ang mga impormasyon na hinihingi batay sa talahanayan. Isulat ang iyong sagot sa isang malinis na papel.

PAMAGAT NG BALITA:	
Tungkol sa anong isyu ang balita?	
Sino-sino ang sangkot sa balita?	
Saan naganap ang pangyayari sa balita?	
Kailan naganap ang pangyayari sa balita?	
Ano-ano ang pangyayaring naganap sa balita?	



ARALIN 3

SURIIN

Ang mga katanungan na iyong sinagot sa naging pagsasanay ay mga tanong na kailangang sagutin kung gumagawa ng balita.



ANO ANG BALITA?

Ang balita ay napapanahon at makatotohanang ulat ng mga pangyayaring naganap na, nagaganap, at magaganap pa lamang.

Ito ay maaaring maibahagi sa pamamaraang **pasalita** at **pasulat**.

Pasalita – Kung ang ginagamit na midyum ay ang radyo at telebisyon.

Pasulat – Kung ito ay ipinalimbag sa pahayagan at iba pang uri ng babasahin.

ARALIN 3

KAHALAGAHAN NG BALITA

1. Ito ay nagbibigay ng impormasyon sa mga pangyayaring naganap, nagaganap at maganap pa lamang sa lipunan.
2. Ito ay nagtuturo ng mga bagong kaalaman na maaaring makatulong sa araw-araw na pamumuhay.
3. Ito ay nagbibigay-alihw dahil nakapaloob sa mga pahayagan ang mga showbiz news, crossword puzzles, soduko, komiks, jokes, at iba pa.

MGA KATANGIAN NG BALITA

1. **Kawastuhan** – Ang mga datos ay inilahad nang walang labis at walang kulang.
2. **Katimbangan** – Inilahad ang mga datos na walang kinikilingan sa alinmang panig ng sangkot.
3. **Makatotohanan** – Ang mga impormasyon ay tunay, aktuwal, at hindi gawa-gawa lamang.
4. **Kaiklian** – Ang mga datos ay inilahad nang diretsahan, hindi maligoy.


MGA SANGKAP NG BALITA

Ang isang balita ay magiging balita lamang kung ito ay nakapupukaw ng interes ng mga tagapakinig o mambabasa.



KAPANAHUNAN

ito ay bago pa lamang nangyari o maaaring matagal nang nangyari ngunit ngayon lamang natuklasan.




KALAPITAN

interesado ang mga tagapakinig o mambabasa na malaman ang nangyayari sa kanilang paligid o pamayanan kaysa sa malalayong lugar.



KABANTOGAN

tumutukoy sa pagiging prominente o sa pagiging kilala ng taong sangkot sa pangyayari.



KAKATWAHAN O KAIBAHAN

mga pangyayaring hindi karaniwan tulad ng isang tao na nangagat ng aso o ng isang hayop na dalawa ang ulo.



TUNGGALIAN

ito ay tumutukoy hindi lamang sa labanang tao laban sa kapuwa tao, maaari itong pakikibaka ng tao laban sa kalikasan o ng tao laban sa kaniyang sarili.



MAKATAONG KAWILIHAN

ito ay tumutukoy sa mga pangyayaring nakapupukaw sa iba't ibang uri ng emosyon ng tao : pag-ibig, poot, simpatiya, inggit, at iba pa.



ROMANSA AT PAKIKIPAGSAPALARAN


tinatalakay rito hindi lamang ang buhay pag-ibig ng isang tao katulad ng mga artista, kundi ang pakikipagsapalaran ng mga ordinaryong tao tulad ng pagliligtas ng isang bata sa kapuwa niya bata sa isang nasusunog na gusali.



PAGBABAGO AT KAUNLARAN


anumang pagbabago at kaunlarang nangyayari sa pamayanan ay maaaring paksain ng balita tulad ng pagpapatayo ng mga bagong gusali, mga kalsada, pamilihing bayan, at iba pa.

ARALIN 3



BILANG O ESTADISTIKA

halimbawa nito ay ang mga ulat ukol sa pananalapi, resulta ng eleksyon, at iba pa.



PANGALAN

tumutukoy sa mga pangalang nasasangkot sa balita tulad ng mga nakapasa sa *board examinations*.



HAYOP

halimbawa nito ay ang mga bagong inakay ng Philippines Eagle mula sa itlog na nabuo sa pamamagitan ng artipisyal na inseminasyon.



KALAMIDAD

karaniwang paksa ng balita ay tungkol sa pagputok ng bulkan, pagtama ng malakas na bagyo, at iba pang kalamidad kasama na rin ang bilang ng pinsala at mga lugar na napinsala.

ARALIN 3

MGA HAKBANG SA PAGSULAT NG BALITA

1. Isulat ang buod ng pangyayaring nais mong gawan ng balita.
2. Itala ang mga pangyayari ayon sa kahalagahan nito.
3. Isulat ang balita ayon sa pagkakasunod-sunod ng pangyayari mula sa pinakamahalagang impormasyon patungo sa hindi gaanong mahalagang impormasyon.
4. Upang lubos na mabigyan ng importansya ang mga datos, pagbatayan ang “Baligtad na Tatsulok sa Pagsulat ng Balita”
5. Isulat ang pangalan ng taong nagsambit ng pahayag gamit ang direktang sipi.



ARALIN 3

Sa pagbuo ng balita, hindi lamang ang mga pangyayari ang mahalaga. Isinasaalang-alang din ang paggamit ng wika at ng mga salik na makatutulong upang maging mahusay na tagapagsalita. Kaya naman, mahalaga ang gampanin ng apat na sangkap ng kasanayang komunikatibo.

Narito ang mga komponent ng kasanayang komunikatibo:

- Gramatikal
- Sosyo-lingguwistik
- Diskorsal
- Istrategik

APAT NA KOMPONENT NG KASANAYANG KOMUNIKATIBO



Ang kasanayang komunikatibo ay ang abilidad na magamit ang wika sa maayos na paraan sa anomang pagkakataon, na isinasaalang-alang ang gamit at pagkakaiba-iba ng mga wika.

Ang kasanayang komunikatibo ay makatutulong upang maging isang mahusay na tagapagsalita. Ito ang isa sa pinakamahalagang kasanayan na puwede mong matutuhan dahil ito’y magagamit mo kahit saan at kahit kailan.

ARALIN 3

GRAMATIKAL

Ito ang komponent na nagbibigay-kakayahan sa nagsasalita na magkaroon ng kaalaman sa wastong kaayusan at kaangkupan ng mga salita/pangungusap na kaniyang ginagamit. Mahalaga ang komponent na ito upang magkaintindihan ang dalawang nag-uusap. Maaaring maging sanhi ng hindi pagkakaunawaan kapag hindi wasto ang paggamit ng balarila (gramatika), pagbuo ng salita, tamang pagbigkas, pagbabaybay, at maging sa pagbibigay kahulugan sa salita.

Halimbawa:



"Umuulan **ng** malakas"



"Umuulan **nang** malakas."

Kung ikaw ay mag-uulat o gagawa ng balita tungkol sa lagay ng panahon, ang iyong ilalagay na salaysay ay:

“Umuulan nang malakas”, imbes na “Umuulan ng malakas”. Malaki ang gampanin ng nang at ng sa pagbuo ng kahulugan dahil magkasintunog man ang mga ito ngunit magkaiba ang kanilang ibig sabihin.

Kung ang ulat ay “Umuulan nang malakas” nangangahulugan itong malakas ang buhos ng ulan. Kung ito ay naisulat na “Umuulan ng malakas” ibig sabihin nito na umuulan ng salitang “malakas” na imposible mangyari.

ARALIN 3

SOSYO-LINGGUWISTIK

Ito ang komponent na nagagamit ng nagsasalita ang kaniyang malawak na bokabularyo at nakapipili ng salitang angkop sa sitwasyon at sa kontekstong sosyal kung saan ginagamit ang wika. Dapat alam ng nagsasalita ang paggamit ng angkop na salita sa anomang pagkakataon. Dito makikilala ang pagkakaiba ng isang taong mahusay lang kumpara sa matagal nang nagsasalita ng katutubong salita.

Halimbawa:



"Artista, hindi magaling umarte"



"Artista, hilaw pa ang arte."

Nasa kultura na ng mga Pilipino ang tinatawag na Yupemismo o pagpapagaan sa salita upang hindi ito makasakit ng damdamin ng isang tao.


Kung ikaw ay nag-uulat tungkol sa isang artista/aktor at hindi nasiyahan ang mga tao sa kaniyang ipinakitang pag-arte, maaari mong isulat na "Artista, hindi magaling umarte". Sa pahayag na ito, masyadong bulgar ang mga salitang "hindi magaling" kaya naman upang maging magaan ito, maaari mong isulat na "Artista, hilaw pa ang arte". Gamit ang mga salitang ito, nabigyan ng impresyon na may tyansa pang gumaling ang artistang tinutukoy.

ARALIN 3

DISKORSAL

Ito ang komponent na nagbibigay-kakayahan sa nagsasalita na mapalawak ang mensahe upang mabigyan ng wastong interpretasyon ang mga salita at maipahayag ang mas malalim na kahulugan nito.

Halimbawa:



Ang isang pahayag ay maaaring madugtungan pa upang mas mapalawak ang mensahe at maging malinaw ang impormasyon.

Isang kongkretong halimbawa nito ay ang mga talkshow. Tumatalakay sila tungkol sa isang paksa hanggang sa magkaroon ng palitan ng kuro-kuro at opinyon hanggang sa maging iisa ang pagpapakahulugan sa paksa na kanilang tinatalakay.

ARALIN 3

Kaya naman kung ikaw ay nakapagbabasa ng balita, palaging may makikitang “Ayon kay, Ani ni” karugtong ng kanilang pahayag tungkol sa isyu na tinatalakay. Sa tulong mga detalyeng ito, mas nagiging malinaw ang isang isyu.

ISTRATEGIK

Ito ang sangkap na nagagamit ang mga berbal na pananalita upang wastong maipahayag ng nagsasalita ang kaniyang mensahe at maiwasan ang hindi pagkakaunawaan o mga puwang sa komunikasyon. Nakatutulong din ang mga hindi berbal na hudyat kagaya ng kumpas ng kamay, tindig, at ekspresyon ng mukha upang mailahad ang tamang mensahe.

Halimbawa:

Ito ay kadalasang nagagamit kung ikaw ay nag-uulat. Upang mas magkaroon ng diin sa mga ulat, maaaring gumamit ng mga di-berbal na paraan ng pagpapahayag. Isang halimbawa ang pagkunot ng noo na maaaring magbigay ng mensahe na ang tao ay naguguluhan o nagagalit, paglaki ng mata na maaaring magpahayag ng pagkagulat.






ARALIN 3

LINANGIN

- I. **Panuto:** Sumulat ng isang balita tungkol sa isang pangyayari na naganap sa inyong lugar. Isulat ang iyong balita sa isang malinis na papel. Ang rubrik na gagamitin sa pagmamarka sa iyong gawain ay matatagpuan sa pahina 44 at sa pahina 53 matatagpuan ang rubrik para sa balita.

ARALIN 3

II. Panuto: Manood/magbasa ng isang balita at isulat ang mahahalagang impormasyon gamit ang pormat ng baligtad na tatsulok. Pagkatapos nito, gamit ang mga impormasyon na nakabalangkas, sumulat ng sariling bersiyon ng balita. Isulat ang iyong kasagutan sa isang malinis na papel. Ang rubrik na gagamitin sa pagmamarka sa iyong gawain ay matatagpuan sa mga pahina 44 at sa pahina 53 matatagpuan ang rubrik para sa balita.





ARALIN 3

ISAGAWA

Panuto: Gumawa ng isang balita tungkol sa napapanahong isyu na kinasasangkutan ng ating bansa. Isulat ang mahahalagang impormasyon gamit ang pormat ng baligtad na tatsulok. Pagkatapos nito, gamit ang mga impormasyon na nakabalangkas, sumulat ng sariling balita. Isulat ang iyong kasagutan sa isang malinis na papel. Ang rubrik na gagamitin sa pagmamarka sa iyong gawain ay matatagpuan sa mga pahina 44 at sa pahina 53 matatagpuan ang rubrik para sa balita.

ARALIN 3

RUBRIK SA PAGBUO NG BALITA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (10 PUNTOS)	KATAMTAMAN (5 PUNTOS)	MAHINA (3 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Malinaw na naibigay ang mahahalagang detalye ng pangyayari sa tulong ng mga pangunahing tanong sa pagkalap ng impormasyon. Kinakitaan ng mga katangian at sangkap ng isang balita.	Kulang sa mahahalagang detalye ng pangyayari. May ilang impormasyon na hindi naibigay batay sa paggamit ng mga pangunahing tanong sa pagkalap ng impormasyon. Bahagyang kinakitaan ng mga katangian at sangkap ng isang balita.	Walang mahahalagang detalye ng pangyayari. Hindi naibigay ang mga kailangang impormasyon batay sa paggamit ng mga pangunahing tanong sa pagkalap ng impormasyon. Hindi kinakitaan ng mga katangian at sangkap ng isang balita.	
ORGANISASYON	Maayos ang paglalahad ng mga ideya. Iniayon ang paghahanay ng mga ideya ayon sa paraan ng pagsulat ng balita.	Hindi gaanong maayos ang paglalahad ng mga ideya. May ilang bahagi na hindi naiayon ang paghahanay ng mga ideya batay sa paraan ng pagsulat ng balita.	Hindi maayos ang paglalahad ng mga ideya. Hindi iniayon ang paghahanay ng mga ideya ayon sa paraan ng pagsulat ng balita.	
PAGLALAPAT NG ARALIN	Nagamit ang mga ideya na nasa aralin.	Hindi gaanong kinakitaan ng paggamit ng mga ideya na nasa aralin.	Hindi kinakitaan ng paggamit ng mga ideya na nasa aralin.	
KALINISAN	Ang awtput ay malinis, masinsin ang pagkakagawa, at hindi minadali.	Ang awtput ay malinis at hindi minadali ang pagkakagawa.	Ang awtput ay halatang minadali at hindi nagtataglay ng kalinisan.	
KABUOAN (20 PUNTOS)				



MODYUL 6

TANDAAN MO



- **Buod** - ang pinaikling bersiyon ng narinig o nabasang sulatin, aklat, interbyu, isyu, at usap-usapan sa paraang gusto ng manunulat.
- **Balita** - ay napapanahon at makatotohanang ulat ng mga pangyayaring naganap na, nagaganap at magaganap pa lamang.
- **Gramatikal** - Ito ang komponent na nagbibigay-kakayahan sa nagsasalita na magkaroon ng kaalaman sa wastong kaayusan at kaangkupan ng mga salita/pangungusap na kaniyang ginagamit.
- **Sosyo-Linguwistik** - Ito ang komponent na nagagamit ng nagsasalita ang kaniyang malawak na bokabolaryo at nakapipili ng salitang angkop sa sitwasyon at sa kontekstong sosyal kung saan ginagamit ang wika.
- **Diskorsal** - ito ang komponent na nagbibigay kakayahan sa nagsasalita na mapalawak ang mensahe upang mabigyan ng wastong interpretasyon ang mga salita at maipahayag ang mas malalim na kahulugan nito.
- **Istrategik** - ito ang sangkap na nagagamit ang mga berbal na pananalita upang wastong maipahayag ng nagsasalita ang kaniyang mensahe at maiwasan ang hindi pagkakaunawaan o mga puwang sa komunikasyon.





MODYUL 6

PAGTATAYA

- I. **Panuto:** Basahin ang balita na nasa ibaba at gumawa ng buod/lagom. Isulat ang iyong buod sa isang malinis na papel.

PAWIKAN NASAGIP NG DENR SA MARINDUQUE

GEL MANALO



Naging matagumpay ang pagsagip ng mga tauhan ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) sa isang pawikan na napadpad sa baybayin ng Barangay Masiga, Gasan sa lalawigan ng Marinduque kamakalawa.

Nabatid na naglalakad umano sa baybaying sakop ng nasabing barangay si Ariesphel Solas at mga kaibigan nito. Nang makita ang pawikan, agad naman nila itong ipinagbigay-alam sa kagawad ng barangay, alas-kuwatro nang hapon.

MODYUL 6

Matapos ang tagging, nabatid na ang nailigtas ay isang uri ng green sea turtle, habang pinangunahan ni Brian Iñigo Leño, forest technician ng DENR-Marinduque, kasama ng ilan pang mga opisyal sa lugar at mga residente ang pagpapakawala sa pawikan sa Sitio Kwatis ng nasabing barangay.

Samantala, hindi naman naging kapareho ang sinapit ng 200 kilo na leatherback sea turtle na natagpuang patay sa baybayin ng bayan ng Bula, Camarines Sur noong Linggo, makaraang sumabit sa mga lubid.

Paalala ng kagawaran, agad na iulat sa mga awtoridad ang mga natatagpuang hayop para mailigtas ito. (*Abante*)

RUBRIK SA PAGBUO NG BUOD/LAGOM

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (15 PUNTOS)	KATAMTAMAN (10 PUNTOS)	MAHINA (5 PUNTOS)	ISKOR
PAGKAKABUO	Kinakitaan na sinunod ang mga hakbang sa pagbuo ng buod/lagom.	Hindi gaanong kinakitaan na sinunod ang mga hakbang sa pagbuo ng buod/lagom.	Hindi kinakitaan na sinunod ang mga hakbang sa pagbuo ng buod/lagom.	
NILALAMAN	Mabisang naipahayag ang mensahe ng balita at kinakitaan ito ng kompletong impormasyon.	Hindi mabisang naipahayag ang mensahe ng balita at may mga impormasyon na hindi naitala sa ginawang buod/lagom.	Hindi naipahayag nang mabisa ang mensahe ng balita at hindi rin kinakitaan ng kompletong impormasyon.	
KABUOAN (30 PUNTOS)				

MODYUL 6

II. Panuto: Gumawa ng balita at gamitin ang alinman sa apat na komponent ng kasanayang pangkomunikatibo. Isulat ang balita sa iyong sagutang papel

RUBRIK SA PAGBUO NG BALITA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (10 PUNTOS)	KATAMTAMAN (5 PUNTOS)	MAHINA (3 PUNTOS)	ISKOR
PAGKAKABUO	Angkop at wasto ang mga salitang ginamit sa pagbuo at kinakitaan ng paggamit sa apat na komponent ng kasanayang pangkomunikatibo.	May iilang salitang ginamit na hindi angkop o wasto at hindi gaanong kinakitaan ng paggamit ng apat na komponent ng kasanayang pangkomunikatibo.	Walang kaugnayan at hindi wasto ang mga salitang ginamit, hindi rin kinakitaan ng apat na komponent ng kasanayang pangkomunikatibo.	
ORGANISASYON	Ang mga pahayag ay magkaugnay at ang balita ay may kabuluhan.	Hindi gaanong magkaugnay ang mga pahayag at hindi masyadong makabuluhan ang balita.	Hindi magkakaugnay ang mga pahayag at walang kabuluhan ang balita.	
KABUOAN (30 PUNTOS)				

III. Panuto: Sumulat ng isang sanaysay na naglalaman ng mga salitang nagpapahayag ng damdamin at pangyayari. Ito ay marapat lamang na tungkol sa suliraning kinakaharap sa inyong barangay at mungkahing solusyon kung paano ito malulutas. Isulat ang sanaysay sa iyong sagutang papel.

RUBRIK SA PAGSULAT NG SANAYSAY

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (15 PUNTOS)	KATAMTAMAN (10 PUNTOS)	MAHINA (5 PUNTOS)	ISKOR
PAGKAKABUO	Angkop at wasto ang mga salitang ginamit sa pagbuo at kinakitaan ng paggamit sa apat na komponent ng kasanayang pangkomunikatibo.	May iilang salitang ginamit na hindi angkop o wasto at hindi gaanong kinakitaan ng paggamit sa apat na komponent ng kasanayang pangkomunikatibo.	Walang kaugnayan at hindi wasto ang mga salitang ginamit, hindi rin kinakitaan ng paggamit sa apat na komponent ng kasanayang pangkomunikatibo.	
ORGANISASYON	Ang mga pahayag ay magkaugnay at may lohikal na daloy sa diwa ng mga talata. Nakapagbigay ng malinaw na kongklusyon sa paksa.	Hindi gaanong magkaugnay ang mga pahayag at hindi gaanong lohikal ang daloy ng diwa sa mga talata. Bahagyang nakapagbigay ng malinaw na kongklusyon sa paksa.	Hindi magkaugnay ang mga pahayag at hindi lohikal ang daloy ng diwa sa mga talata. Hindi nakapagbigay ng malinaw na kongklusyon sa paksa.	
PAKSANG DIWA	Ang sanaysay ay kinakitaan ng suliraning panlipunan at solusyon.	Ang sanaysay ay kinakitaan ng suliraning panlipunan ngunit nagkulang sa solusyon.	Ang sanaysay ay hindi kinakitaan ng suliraning panlipunan at solusyon.	
Kabuoan (30 puntos)				

SUSI SA PAGWAWASTO

Makapagbibigay ang mag-aaral ng sariling sagot sa kaniyang natutuhan sa lahat ng mga gawaing pasulat.

Maaaring gamiting batayan sa mga gawaing pasulat ang mga rubrik sa susunod na mga pahina.

SUSI SA PAGWAWASTO

RUBRIK SA PAGBUO NG BUOD/LAGOM

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Nakapagbigay ng mga pangunahing ideya at panuportang detalye mula sa teksto.	Nakapagbigay ng ilang pangunahing ideya at panuportang detalye mula sa teksto.	Hindi nakapagbigay ng mga pangunahing ideya at panuportang detalye mula sa teksto.	
ORGANISASYON	Maayos ang paglalahad ng mga ideya. Kompleto at maayos na naihanay ang mahahalagang detalye mula sa teksto.	Hindi gaanong maayos ang paglalahad ng mga ideya. May kulang na mahahalagang detalye mula sa teksto at hindi gaanong naihanay nang maayos ang mga ito.	Hindi maayos ang paglalahad ng mga ideya. Maraming kulang na mahahalagang detalye mula sa teksto at hindi naihanay nang maayos ang mga ito.	
PAGLALAPAT NG ARALIN	Nagamit ang mga pamantayan sa pagsulat ng buod na binigyang-pansin sa aralin.	Hindi gaanong kinakitaan ng paggamit ng mga pamantayan sa pagsulat ng buod na binigyang-pansin sa aralin.	Hindi kinakitaan ng paggamit ng mga pamantayan sa pagsulat ng buod na binigyang-pansin sa aralin.	
KALINISAN	Ang awtput ay malinis, masinsin ang pagkakagawa, at hindi minadali.	Ang awtput ay malinis at hindi minadali ang pagkakagawa.	Ang awtput ay halatang minadali at hindi nagtataglay ng kalinisan.	
KABUOAN (20 PUNTOS)				

SUSI SA PAGWAWASTO

RUBRIK SA PAGSULAT NG REAKSIYONG PAPEL

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Nakapagbigay ng malinaw at mahahalagang punto mula sa paksang pinagbatayan. Naipahayag at napalutang ang sariling damdamin. Nakapagbahagi ng mga kaugnay na pangyayari o karanasan kaugnay ng paksa.	Nakapagbigay ng ilang mahalagang punto mula sa paksang pinagbatayan. Naipahayag at napalutang nang bahagya ang sariling damdamin. Nakapagbahagi ng ilang mga kaugnay na pangyayari at karanasang kaugnay ng paksa.	Hindi nakapagbigay ng mahahalagang punto mula sa paksang pinagbatayan. Hindi nakapagpalutang ng sariling damdamin at nakapagbahagi ng mga kaugnay na pangyayari at karanasang ugnay sa paksa.	
ORGANISASYON	Maayos ang paglalahad ng mga ideya. Lohikal ang ugnayan ng mga talata, may maayos na daloy ng diwa sa mga pahayag, at may malinaw na kongklusyon.	Hindi gaanong maayos ang paglalahad ng mga ideya. Hindi gaanong naipakita ang lohikal na ugnayan ng mga talata, daloy ng diwa sa mga pahayag, at ang kongklusyon.	Hindi maayos ang paglalahad ng mga ideya. Hindi naipakita ang lohikal na ugnayan ng mga talata, ang daloy ng diwa sa mga pahayag, at ang kongklusyon.	
PAGLALAPAT NG ARALIN	Nagamit ang mga ideya na nasa aralin hinggil sa pagsulat ng reaksiyong papel.	Hindi gaanong kinakitaan ng paggamit ng mga ideya na nasa aralin hinggil sa pagsulat ng reaksiyong papel.	Hindi kinakitaan ng paggamit ng mga ideya na nasa aralin hinggil sa pagsulat ng reaksiyong papel.	
KALINISAN	Ang awtput ay malinis, masinsin ang pagkakagawa, at hindi minadali.	Ang awtput ay malinis at hindi minadali ang pagkakagawa.	Ang awtput ay halatang minadali at hindi nagtataglay ng kalinisan.	
KABUOAN (20 PUNTOS)				

SUSI SA PAGWAWASTO

RUBRIK SA PAGBUO NG BALITA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (10 PUNTOS)	KATAMTAMAN (5 PUNTOS)	MAHINA (3 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Malinaw na naibigay ang mahahalagang detalye ng pangyayari sa tulong ng mga pangunahing tanong sa pagkalap ng impormasyon. Kinakitaan ng mga katangian at sangkap ng isang balita.	Kulang sa mahahalagang detalye ng pangyayari. May ilang impormasyon na hindi naibigay batay sa paggamit ng mga pangunahing tanong sa pagkalap ng impormasyon. Bahagyang kinakitaan ng mga katangian at sangkap ng isang balita.	Walang mahahalagang detalye ng pangyayari. Hindi naibigay ang mga kailangang impormasyon batay sa paggamit ng mga pangunahing tanong sa pagkalap ng impormasyon. Hindi kinakitaan ng mga katangian at sangkap ng isang balita.	
ORGANISASYON	Maayos ang paglalahad ng mga ideya. Iniayon ang paghahanay ng mga ideya ayon sa paraan ng pagsulat ng balita.	Hindi gaanong maayos ang paglalahad ng mga ideya. May ilang bahagi na hindi naiayon ang paghahanay ng mga ideya batay sa paraan ng pagsulat ng balita.	Hindi maayos ang paglalahad ng mga ideya. Hindi iniayon ang paghahanay ng mga ideya ayon sa paraan ng pagsulat ng balita.	
PAGLALAPAT NG ARALIN	Nagamit ang mga ideya na nasa aralin.	Hindi gaanong kinakitaan ng paggamit ng mga ideya na nasa aralin.	Hindi kinakitaan ng paggamit ng mga ideya na nasa aralin.	
KALINISAN	Ang awtput ay malinis, masinsin ang pagkakagawa, at hindi minadali.	Ang awtput ay malinis at hindi minadali ang pagkakagawa.	Ang awtput ay halatang minadali at hindi nagtataglay ng kalinisan.	
KABUOAN (20 PUNTOS)				

TALAHULUGAN

Argumento	pagbibigay ng mga ebidensya o dahilan upang mas maging kapani-paniwala ang panig
Datos	mga impormasyong nakalap sa pagtatanong o pagbabasa
Idyoma	isang matalinghagang pagpapahayag ng isang ideya. Malayo ito sa komposisyonal na paliwanag ng isang ideya kung kaya't ito ay itinuturing na hindi tuwirang pagbibigay-kahulugan
Pagbabalangkas	amaayos na pagtatala ng mga pangunahing kaisipan o paksa ayon sa pagkakasunod-sunod sa isang katha o seleksiyon
Paksa	tumutukoy sa mga pangunahing ideya ng teksto
Sipi	pag-uulit
Talata	binubuo ng isa o higit pang na magkakaugnay.

“Costumes sa Pelikulang ‘Black Panther’, Halaw sa Kulturang Pilipino”,n.d. <https://tapatnews.com/costumes-sa-pelikulang-black-panther-halaw-sa-kulturang-pilipino/>

Colega, Walter.” Filipino 10 Teacher’s Guide”, Hunyo 7, 2015. <https://www.slideshare.net/WalterColega1/filipino-10-teachers-guide>

Andrez, Sofia. Filipino sa Piling Larang Akademiko.n.d .https://www.academia.edu/30931039/Filipino_sa_Piling_Larang_Akademiko

“Ang Diskurso”, October 2, 2011. <https://www.scribd.com/doc/67134301/ANG-DISKURSO>

Asonto, Duke. “Apat na Komponent ng Kasanayang Pangkomunikatibo”. n.d. https://www.academia.edu/34040521/APAT_NA_KOMPONENT_O_SANGKAP_NG_KASANAYANG_KOMUNIKATIBO

Cansino, Mae Ann. “FEU, Nasungkit ang Kampyeonato sa UAAP Season 80 Street Dance Competition”, Marso 12, 2018. <https://tapatnews.com/307/>

Enverga, Manuel S. “Paggamit at Pagsasaayos ng mga Datos”, January, 2019. <https://www.coursehero.com/file/34197750/PAGGAMIT-AT-PAGSASAAYOS-NG-MGA-DATOSdocx/>.

Jung, Jae, Eun. “Pagsulat ng Balita”, n.d. Accessed April 7, 2020.
https://www.academia.edu/30574957/Pagsulat_ng_Balita.

Jazul, Ansherina May D. “ “Bakit Single Pa ang Teacher mo?”
Setyembre 13, 2018. <https://tinyurl.com/y5xhuay9>

“Online Class”. Hulyo 8, 2020. <https://www.youtube.com/watch?v=bpcmKhV8vZc>

“Kape” . Hunyo 2, 2020. https://www.youtube.com/watch?v=egG6_-Wmzcg

Luna, Hannibal, Villamil. “Pagsasaling-Wika Worksheet”,
November 19, 2017. <https://www.scribd.com/document/364835841/PAGSASALING-WIKA-WORKSHEETS-doc>.

Manalo, Gel. “Kasabay ng quarantine: Earth Hour pinagdiwang”,
Marso 28, 2020. <https://tnt.abante.com.ph/kasabay-ng-Quarantine-earth-hour-Pinagdiwang/>

“Pasaway sa Social Distancing Corona Party Tinigil ng Pulis”.
Marso 30, 2020. <https://tnt.abante.com.ph/pasaway-sa-social-distancing-corona-party-tinigil-ng-pulis/>

“Diskarteng Pinoy sa Pamimili ng mga Pang-Noche Buena”,
December 1, 2018. <https://www.abante.com.ph/diskarteng-pinoy-sa-pamimili-ng-mga-pang-noche-buena.htmfbclid=IwAR1nZigrzTRzLYKpmurW4zmwI0MeQ96lKLDxR3HD7KY40CSexyWMgAx-Ckc>.

Nato, Rochelle, S. “Hawig, Lagom, Presi at Sintesis”, October 25, 2017. <https://www.slideshare.net/RochelleNato/hawig-lagompresisintesis>

Palero, Juan, Miguel. “Apat na Sangkap sa Kasanayang Pangkumunikatibo”, November 27, 2017. <https://www.slideshare.net/jmpalero/filipino-10-apat-na-sangkap-ng-kasanayang-komunikatibo>.

Pamaos, Rommel A. “Langit sa Piling Mo”. Mayo 25, 2020. <https://www.youtube.com/watch?v=H2NsyRTKzS0&t=92s>

Paano How. “Paano Gumawa ng Reflection Paper”. w.p. <https://www.paanohow.com/edukasyon-at-pag-aaral/paano-gumawa-ng-reflection-paper/>

Samaniego, Ghie, Maritana. “Pagsulat ng Balita”, September 3, 2013. <https://www.slideshare.net/ghiemaritana/journalism-pagsulat-ng-balita>.

Soriano, Pauline. “Pag-aayos ng mga Datos”, February 25, 2014. <https://prezi.com/ngzeuysan0tf/pag-aayos-ng-mga-datos/>.

Ang pagbuo at paglimbag ng modyul na ito ay naging posible dahil sa kooperasyon ng Asia Pacific College. Ito ay parte ng proyektong “Better Life for Out-of-School Girls to Fight Against Poverty and Injustice in the Philippines” ng opisina ng UNESCO, Jakarta kasama ang Kagawaran ng Edukasyon. Ang inisyatibong ito ay sinuportahan ng Korea International Cooperation Agency (KOICA) sa pamamagitan ng pagbibigay ng suportang pampinansyal.

Para sa mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Kagawaran ng Edukasyon, Bureau of Learning Resources (DepEd BLR)

Office Address : Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex,
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600
Telefax : +63-2-8631-1072; +63-2-8634-1054; +63-2-8631-4985
Email Address : blr.qad@deped.gov.ph; blr.lrpd@deped.gov.ph